FILE

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 01 JULY 1996, 9:00 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

- -

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	-	Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Baticos	-	Member
Kagawad Angeles D. Bautista	-	Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	-	Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	-	Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	-	Member
Kagawad Renesto O. Taytay	-	Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	-	Member, ABC President

Absent:

Kagawad Ferdinand V. Talens	-	Member, On Seminar
Kagawad Ranulfo C. Barzal	-	Member

- -

KAPASYAHAN BLG. 064
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KALUSUGAN NG SILANGANG MINDORO SA PAG-IISKEDYUL NG PALAGIANG "CHECK-UP" NG MGA HOSPITALITY GIRLS SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T sa patuloy at mabilis na pag-unlad ng bayan ng Roxas ay dumarami ang mga establisimiyentong pangkabuhayan at pangangalakal na siyang nagpapasulong sa ekonomiya ng lugal;

SAPAGKA'T nagsulpot-sulpot na rin ang aliwang panggabi tulad ng mga karaoke bars, mga beerhouses at mga kauri nito na dinarayo ng mga lokal na mamamayan at gayundin ng mga taga-karatig-pook;

SAPAGKA'T hindi maiiwasang ang ganitong mga lugal ay dayuhin din at tigilan ng mga hospitality girls na walang mga katibayang magpapatunay kung sila ay sumailalim na sa mga batas-pangkalusugan para sa ganitong gawain;

SAPAGKA'T upang makatiyak na ligtas sa nakahahawang sakit ang mga hospitality girls at sa posibleng pagkalat nito sa mga mamamayan ng Roxas at mga karatig-lugal nararapat lamang na magkaroon ng regular na "check-up" ang mga hospitality girls na naglalagi sa mga beerhouses sa bayang ito;

SAPAGKA'T pinagkaisahan ng Sangguniang ito sa pakikipag-ugnayan sa Pambansang Tanggapan ng Kalusugan na idulog sa Panlalawigang Tanggapan ng Silangang Mindoro ang kahilingang mag-iskedyul ng regular na check-up sa mga hospitality girls sa bayang ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos na pinangalawahan ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Panlalawigang Tanggapan ng Kalusugan na mag-iskedyul ng regular na "check-up" ng mga hospitality girls sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Provincial Health Officer, Silangang Mindoro sa pamamagitan ng Municipal Health Officer, Roxas, Silangang Mindoro, para sa kanilang maagap na pag-aksyon sa kahilingang ito.

IPINASYA PA RIN na bigyan ng sipi ng kapasyahang ito si Dr. Leonor Nunez-Baite, MHO, Roxas, Silangang Mindoro para sa kaalaman at suporta sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 01 July 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. FASON
Municipal Mayor

mera/
070196

Rec'd by: [illegible]
Nurse II
7/3/96